
5

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1
## Solusyon sa Naobserbahang Suliranin at Paggawa ng Dayagram ng Ugnayang Sanhi at Bunga



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Solusyon sa Naobserbahang Suliranin at Paggawa ng Dayagram ng Ugnayang Sanhi at Bunga**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Analyn C. Balanon | |
| **Editor:** | Julito E. Lagrimas, Cristina M. Giray, Ma. Shiela C. Adona | |
| **Tagasuri:** | Ronaldo Verano | |
| **Tagaguhit:** | Argie Ty | |
| **Tagalapat:** | Beatrice A. Olmedo, Ma. Dianne Joy R. dela Fuente | |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma | Bebiano I. Sentillas |
| | Rose Marie M. Guino | Joy B. Bihag |
| | Ryan R. Tiu | Gorgonio G. Diaz Jr. |
| | Crista Joy A. Torbila | Alex B. Rejuso |
| | Isagani E. Licas | Lucila R. Balondo |
| | Elvira R. Ribo | Julito E. Lagrimas |
| | Beatrice A. Olmedo | Teodorico C. Peliño Jr. |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Regional Office VIII**
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Solusyon sa Naobserbahang Suliranin at Paggawa ng Dayagram ng Ugnayang Sanhi at Bunga

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*



Ang aking taos pusong pagbati sa iyo mahal kong kaibigan! May panibagong hamon na naman para sa iyong malikhaing kaisipan na iyong haharapin sa modyul na ito.

Ako nga pala si Kokoy, ang muli mong makakasama sa iyong pag-aaral para sa araling ito.

Magtulungan tayo kaibigan dahil pagkatapos ng ating pag-aaral, ikaw ay inaasahang:

- nakapagbibigay ng maaaring solusyon sa isang naobserbahang suliranin ***(F5PS-IVe-9);*** at

- nakagagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga mula sa tekstong napakinggan o nabasa ***(F5PN-IVa-d-22).***

## *Subukin*

Sa pagsisimula ng ating paglalakbay, sagutin mo ang gawaing nasa ibaba upang maipakita mo ang iyong dating kaalaman hinggil sa paksang ating pag-aaralan sa mga oras na ito.

Alam mo ba kaibigan na sa araw-araw nating pamamalagi rito sa mundo, tayo ay nakararanas ng iba't ibang problema? Kailangan natin itong harapin at gawan ng kaukulang solusyon.



**Panuto:** Ano ang maaaring solusyon sa sumusunod na kalagayan? Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Hindi makita ni Jose ang nakasulat sa pisara dahil mas matangkad ang kaklase niyang nakaupo sa unahan niya.
   A. Paalisin ang nasa unahan.
   B. Siya ang uupo sa unahan.
   C. Patabihin ang nasa unahan.

2. Basa ang sahig dahil natapon ang tubig sa baso.
   A. Punasan ang sahig.
   B. Hayaan na lang ito.
   C. Hintaying matuyo ito.

3. Palaging huli sa pagpasok sa klase si Jhom dahil lagi siyang puyat.
   A. Matulog na lang siya sa paaralan.
   B. Huwag siyang pumasok sa unang asignatura sa umaga.
   C. Magpagising sa kaniyang ina.

4. Masakit ang ngipin ng bata dahil sa kumain siya ng kendi.
   A. Pagalitan ang bata.
   B. Bigyan ng laruan ang bata para malibang.
   C. Pagsipilyuhin ang bata.

5. Pauwi na si Carla nang biglang bumuhos ang malakas na ulan. Wala siyang dalang payong.
   A. Makisabay pauwi sa kaniyang kaklase.
   B. Lumusong sa ulan para makauwi kaagad.
   C. Hintayin na sunduin ng magulang.

6. Nagreklamo ang isang mag-aaral dahil may kodigo ang isa sa kanilang kaklase habang kumukuha ng pagsusulit. Kung ikaw ang guro, ano ang iyong gagawin?
   A. Pagsabihan siyang tumahimik.
   B. Alamin kung may katotohanan ang sinasabi niya.
   C. Palabasin ang inirereklamong mag-aaral.

7. Binigyan ng takdang gawain ng guro ang bawat grupo. Si Kent, bilang lider ng grupo, ang unang nakabasa kung ano ang dapat gawin.
   A. Hahatiin niya ang mga gawain nang pantay-pantay.
   B. Hahatiin niya ang mga gawain pero mas kaunti ang sa kaniya.
   C. Hahatiin niya ang mga gawain pero mas madali ang para sa iba.

8. Papunta si Nathan sa tindahan upang bumili ng gamit para sa gagawin niyang proyekto. Nakasalubong niya ang isang batang umiiyak dahil nawawala ang kaniyang bagong lapis at ruler sa daan patungong paaralan.
   A. Hahayaan niyang umiyak ang bata.
   B. Sasabihin ni Nathan sa guro ng bata ang tungkol sa nangyari.
   C. Sasamahan niya ang bata sa paghahanap ng nawawalang gamit.

9. May patimpalak sa pagsasayaw sa paaralan. Naisip ni Marie na ipalista ang kaniyang mga kapatid dahil magagaling silang sumayaw at gustong-gusto nilang sumali sa mga kompetisyon. Pero hindi pumayag ang komiteng nangagasiwa dahil kailangan ang mga kalahok mismo o isa sa kanila ang dapat magpalista.
   A. Aatras na lang siya.
   B. Sasali siya sa grupo para makapagpatala na.
   C. Hindi niya ipaaalam sa kaniyang mga kapatid ang kompetisyon.

10. Nahuli sa pag-uwi si Joel dahil inutusan siya ng kaniyang guro na samahan pauwi ang isa niyang kaklase na masakit ang ulo at nahihilo. Malayo pa lang nakaabang na ang kaniyang nanay sa pinto.
    A. Magpapaliwanag siya.
    B. Iiyak na lang siya.
    C. Hindi na lang siya kikibo.



Ilan ang nakuha mong tamang sagot? Huwag malungkot kaibigan kung hindi lahat ay nasagutan mo nang tama. Ang mahalaga ay handa kang ipagpatuloy ang iyong paglalakbay upang lalo ka pang matuto.

# Aralin 1 — Pagbibigay ng Maaaring Solusyon sa Isang Naobserbahang Suliranin at Paggawa ng Dayagram ng Ugnayang Sanhi at Bunga


## *Balikan*

Bago tayo tumuloy kaibigan, gawin mo muna itong susunod na gawain upang maging tunay kang handa para sa araling pag-aaralan natin ngayon.



Ano ang gagawin mo sa sitwasyong ito? Isulat sa loob ng tatsulok ang iyong sagot.

May eksibit na inihahanda ang inyong klase. Sa araw ng eksibit, naatasan kang magdala ng kamera upang makunan ng litrato ang nasabing okasyon. Pagsapit ng araw ng eksibit nakalimutan mong dalhin ang iyong kamera.



## *Tuklasin*

Sa susunod na gawain ay may makikilala kang bagong kaibigan. Siya ay si Evan. Alamin mo kung bakit nasira ang mata ni Evan at kung paano nagbago ang kaniyang ugali.



**Gawain 1**

**Panuto:** Pumili ka ng isa sa kasapi ng iyong pamilya na maaaring magbasa ng kuwentong "Ang Pagbabago ni Evan" para sa iyo. Pakinggan mo itong mabuti upang masagot mo nang tama ang katanungan sa susunod na pahina. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Unawain din ito upang magkaroon ka ng kahandaan para sa susunod na gawain.

**Ang Pagbabago ni Evan**

*Isinulat ni Analyn C. Balanon*

Sina Mang Nardo at Aling Pacing ay may isang anak na lalaki na ang pangalan ay Evan. Nag-aaral siya at nasa ikalimang baitang na sa kasalukuyan. Noong una, madaling utusan si Evan ngunit nang malulong sa laro sa *computer* ay nagbago siya. Hindi na niya ginagawa kaagad ang mga iniuutos sa kaniya at hindi na ito pumipirmi ng bahay.

Kahit ang pagkain ay nakakalimutan na niya. Isang araw, nagreklamo si Evan na masakit ang ulo at nanlalabo ang kaniyang paningin. Agad siyang pinatingnan sa manggagamot at nalaman na nasira na ang kaniyang mga mata dahil sa sobrang paggamit ng computer na kapag hindi ito maagapan ay maaari niya itong ikabulag.

Dahil dito, pinagbawalan na siya ng kaniyang mga magulang sa paggamit ng anumang *gadget*. Labis na nalungkot si Evan dahil nanibago siya at nababagot sa bahay sa maghapong walang ginagawa.

Mga Tanong:

1. Paano nagbago ang ugali ni Evan?
2. Ano ang katangian ni Evan noong hindi pa siya nalulong sa laro sa *computer?*
3. Bakit nasira ang mata ni Evan?
4. Bakit siya pinagbawalan sa paggamit ng anumang *gadget*?
5. Ano ang naramdaman niya nang ipagbawal sa kanya ang paggamit ng *computer*?

## *Suriin*




Bahagi ng kasanayan sa mapanuring pagbasa ang paglalahad ng kalutasan sa sitwasyon o kalagayan. Ito ay pagmumungkahi ng dapat gawin upang malutas ang problema.

Ilan lamang sa mga suliraning binanggit sa napakinggan o binasa mong kuwento ay ang sumusunod:


1. Nalulong sa laro sa *computer* si Evan.
2. Palaging sumasakit ang kaniyang ulo at nanlalabo ang kaniyang paningin.
3. Nababagot si Evan sa bahay dahil sa maghapong walang ginagawa.

Ngayon, ano ang maibibigay mong solusyon sa mga suliraning ito?
Isulat ito sa iyong sagutang papel.



Ang pagbibigay solusyon ang pinakamainam na aksiyon na dapat gawin sa mga panahong may kinakaharap tayong mga suliranin.

Malinaw na ipinapaalala sa atin sa araling ito na bawat suliranin ay may katumbas na solusyon. Huwag tayo kaagad panghinaan ng loob kung tayo'y nakararanas ng mga problema. Mainam na solusyon ang kailangan upang hindi lumala ang anomang suliraning kinakaharap natin, lalong lalo na sa panahon ngayon.




Sa kuwentong iyong napakinggan o binasa, hindi lang mga suliranin ang inilahad dito kundi pati na rin ang mga sanhi ng suliraning ito. Ibig sabihin, may mga ugnayang sanhi at bunga rin na nakapaloob dito. Ngayon, paano ang epektibong paglalahad ng ugnayang sanhi at bunga? Gamit ang isang dayagram, mailalahad nang mas malinaw ang ugnayang sanhi at bunga. Ang dayagram ay isang balangkas na ginagamit upang maipakita ang pagkakaugnay ng mga kaisipan. Sa pamamagitan nito, madali nating maiintindihan ang ugnayang sanhi at bunga.

**Halimbawa:**

***Sanhi:*** Dahil sa labis na paglalaro sa *computer*

↓


***Bunga:*** Sumasakit ang ulo at nanlalabo ang mga mata ni Evan.

Sa ibinigay na halimbawa, mapapansin natin na may salitang ginamit upang matukoy ang sanhi sa ugnayang sanhi at bunga. Ano ang salitang ito? Ito ay ang salitang *dahil.* Ang salitang *dahil* ay isa lang sa mga salitang makatutulong upang madaling matukoy ang sanhi ng isang bunga. Bukod sa salitang *dahil,* ang mga salitang *nang* at *kaya* ay ginagamit din upang matukoy ang isang sanhi.

Ngayon, balikan mo ang kuwentong iyong napakinggan o binasa. Tukuyin ang mga sitwasyong nagpapakita ng ugnayang sanhi at bunga. Ilahad mo ito gamit ang isang dayagram. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang husay mo kaibigan! Nakagawa ka ng mga dayagram ng ugnayang sanhi at bunga. Siguradong mas magagawa mo nang mas mahusay ang susunod na gawain. Sige, umpisahan mo na.





## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang tamang solusyon sa bawat sitwasyon at isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Maraming gawain sa bahay ang pamilyang Teng dahil sa darating na kaarawan ng bunso nilang kapatid. Ano ang dapat gawin ni Mila bilang nakatatandang kapatid para makatulong?
   A. Maghugas ng mga plato.
   B. Manood ng telebisyon.
   C. Makipaglaro sa kapitbahay.

2. Mababa ang marka ni Hanica sa nakaraang lingguhang pagsusulit dahil puro laro ang kaniyang inatupag. Natakot siya na baka mapagalitan siya ng kaniyang ina kapag naulit ito. Ano ang dapat niyang gawin?
   A. Gumawa ng kodigo.
   B. Mag-aral bago ang pagsusulit.
   C. Mangopya sa katabi.

3. Nagkaroon ng paligsahan sa pagkanta at sumali si Arnel pero hindi siya nanalo. Narinig niya sa kaniyang mga kaklase ang panunukso na siya'y talunan. Paano niya haharapin ang panunukso ng mga kaklase niya?
   A. Aawayin niya ang mga kaklase.
   B. Hindi niya sila papansinin.
   C. Isusumbong sila sa pulis.

4. Napagkasunduan ng klase na magkaroon ng *exchange gift* sa araw ng kanilang *Christmas Party*.
   A. Mag-iipon mula sa baon.
   B. Humingi ng pera sa Nanay.
   C. Manghihiram ng pera sa kaklase.

5. May proyekto sa MAPEH ang klase. Guguhit sila ng isang larawan ng magandang pook sa kanilang lugar. Isa si Renz sa kasapi ng grupo na magaling sa pagguhit. Paano siya makatutulong?
   A. Magboluntaryo na tutulong sa pagguhit.
   B. Magsawalang kibo para 'di malaman ng iba na magaling siya.
   C. Ipaguhit sa iba ang proyekto.

**Gawain 2**

**Panuto:** Gumawa ka ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga mula sa sumusunod na tekstong iyong papakinggan o babasahin. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

1. Pumunta sa bukid ang magkakapatid na Tomas, Tony at Gilbert para manguha ng bayabas. Hitik sa bunga ang puno ng bayabas kaya dali-daling umakyat agad si Tomas. Ilang sandali lang, sumigaw siya dahil may nakita siyang malaking ahas na nakalambitin sa puno. Nakabitaw siya sa kaniyang pagkakakapit sa sanga at siya'y nahulog.

2. Si Marcia ay galing sa isang mahirap na pamilya. Matalino siya at masipag mag-aral. Nagsusumikap siya sa pag-aaral upang maiahon niya sa kahirapan ang kaniyang pamilya. Dahil sa sipag at tiyaga sa pag-aaral ay palagi siyang nangunguna sa klase.

Ayan kaibigan, napagtagumpayan mo ang mga hamon ng araling ito. Siguradong madali mo nang maibabahagi ngayon ang iyong natutuhan.






## *Isaisip*



Upang higit na tumatak sa isipan mo ang iyong mga natutuhan, gawin mo pa ang hamong ito.

Gamit ang dayagram sa ibaba, ilahad mo ang iyong mga natutuhan sa ginawa mong paglalakbay. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Magaling kaibigan! Hindi nasayang ang oras na ginugol mo sa iyong paglalakbay. Ang dami mong natutuhan kaibigan.

Ngunit hindi pa diyan nagtatapos ang iyong paglalakbay dahil may mga gagawin ka pa. Magpatuloy at gawin mo na kaibigan.





## *Isagawa*

**Gawain 1**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon sa ibaba. Pagkatapos, piliin ang mainam na solusyon sa sumusunod na suliranin. Bilugan ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nabasa ni Glenda ang salitang “luwad” ngunit hindi niya tiyak ang kahulugan nito.
   A. Kunsultahin ang diksyunaryo.
   B. Hulaan ang kahulugan nito.
   C. Huwag na lang pansinin ito.

2. May inuwing pagkain ang tatay. Hinati ito ng nanay sa dalawang anak. Naunang kumain ang nakababatang kapatid at agad niyang naubos ang kaniyang parte. Bigla siyang umiyak dahil gusto pa niyang kumain dahil gutom pa siya.
   A. Ibibigay ang parte ng nakatatandang kapatid sa nakababatang kapatid.
   B. Hayaan na lang umiyak ang nakababatang kapatid.
   C. Hahatiin ang natitirang bahagi para sa kanilang dalawa.

3. Tuwang-tuwa si Anna dahil mabigat na ang kaniyang alkansiya. Isang araw, nakita niyang malungkot ang mukha ng kaniyang ina. Kulang ang perang pambayad nila sa kuryente.
   A. Ibibigay ni Anna ang alkansiya sa ina.
   B. Magkukunwari si Anna na ‘di alam ang sitwasyon.
   C. Ipauutang ni Anna ang kaniyang pera.

4. Nasa *department store* ang mag-inang Carrie at Cathy. Bibili sila ng sapatos na gagamitin ni Cathy sa *intramurals* kinabukasan. Puting sapatos ang kailangan ngunit wala siyang makita na kasya sa kaniya.
   A. Hindi na lang bibili.
   B. Pipili ng ibang kulay na kasya sa kaniya.
   C. Maghanap sa ibang tindahan.

5. Tinutukso ng mga kamag-aral mo si Kyle dahil maitim na maitim siya. Awang-awa ka sa kaniya.
   A. Pababayaan ko silang mag-away.
   B. Maghahanap ako ng tutulong sa kanila.
   C. Lilinawin ko na pantay-pantay ang lahat anuman ang kulay.

**Gawain 2**

**Panuto:** Basahin ang tekstong ito at gumawa ka ng dalawang dayagram ng ugnayang sanhi at bunga mula rito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang pagbabasa ay isang gawaing kapaki-pakinabang. Marami kang matututunan kapag mahilig kang magbasa. Pwede kang dalhin nito sa ibang lugar at palawakin ang iyong kaalaman. Kaya palaging iminumungkahi sa inyong mga kabataan na gamitin ang mga libreng oras sa pagbabasa ng mga aklat o mga babasahing makadadagdag sa iyong kaalaman.

Sadyang napakasuwerte ng batang marunong magbasa kumpara doon sa walang alam sa pagbabasa. Ang hindi marunong magbasa ay madaling maloko, maligaw, ma-bully, hindi makagawa ng takdang aralin at nahihirapan sa mga pagsusulit. Kaya kung mayroon kang kilalang bata na hindi marunong magbasa, tulungan mo siya.

*Isinulat ni Analyn C. Balanon*
*Master Teacher I, Catarman II Central School*
*Northern Samar Division*

## *Tayahin*

Ito na kaibigan, susubukin ang iyong mga natutuhan sa pamamagitan ng isang gawaing iyong sasagutin. Galingan mo!



**A.** Ano ang iyong magiging solusyon sa sumusunod na suliranin? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Maraming kabataan ang nahihilig sa paglalaro ng mga gadget tulad ng *cellphone, tablet* at marami pang iba. Napapabayaan nila ang kanilang pag-aaral. Hindi na sila nakapagbabasa ng leksiyon pagdating sa bahay na makatutulong para lubos nilang maintindihan ang mga aralin sa araw-araw kung kaya madalas ay wala silang takdang-aralin.

2. Mahilig sa bola ang batang si Jeff, pero maliit pa siya. Tuwing nakakakita siya ng bola, gusto niya itong kunin. Kapag 'di niya ito makuha, nagwawala siya at hindi tumitigil sa pag-iyak.

3. Tuwing linggo ay nagsisimba ang buong mag-anak ni Harvey. May dumating na bisita ang pamilya at inimbitahan ang buong mag-anak na dumalo sa isang kasalan ng kanilang kamag-anak. Hindi matanggihan ng kaniyang mga magulang ang imbitasyon.

4. Pinangakuan si Fernan ng kaniyang tatay na ibibili siya ng bagong laruan kapag nakakuha siya ng mataas na marka sa pagsusulit at nagawa niya ito. Nang ipaalam na niya ito sa kaniyang tatay, sinabi nito na kulang ang pera para sa laruang nais niya.

5. Marami kang makikitang masisikip na kalye sa Kamaynilaan. Maraming sasakyan ang nakaparada sa labas ng kanilang mga bahay.

**B**. Ang sumusunod na pangungusap ay nagpapakita ng ugnayang sanhi at bunga. Gumawa ka ng dayagram na naglalahad ng ugnayang ito. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

1. Sa pagsisikap nilang magkakapatid, lumago ang negosyo ng kanilang pamilya.
2. Mabagal siyang kumilos kaya naiwan siya ng kaniyang mga kasamahan.
3. Hindi siya nakapasok sa trabaho dahil sa malakas na ulan.
4. Umiyak ang bata nang agawan siya ng laruan ng kaniyang kalaro.
5. Nasugatan siya dahil nahawakan niya ang talim ng kutsilyo.

Ang galing mo kaibigan, madali mong nasagutan ang huling gawain.

Binabati kita dahil matagumpay mong natapos ang modyul na ito.

Hanggang sa muling pagkikita mahal kong kaibigan.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Pagyamanin**

***Gawain 1***

1. A
2. B
3. B
4. A
5. A

**Tuklasin**

1. Ang pagkalulong ni Evan sa laro sa com puter ang nakapagpabago ng kanyang ugali.
2. Si Evan ay madaling utusan noong hindi pa siya nalululong sa computer.
3. Nasira ang mata ni Evan dahil sa labis na paglalaro ng *computer games.*
4. Pinagbawalan siya sa paggamit ng anu-mang gadget dahil nasira na ang kanyang mata.
5. Siya ay nalungkot.

**Subukin**

1. B
2. A
3. A
4. C
5. A
6. B
7. A
8. C
9. B
10. A

**Tayahin**


1. Bigyan ng limitasyon sa paggamit ng mga gadget ang mga bata lalo na sa araw na may pasok sa eskwela.
2. Bilhan ng sariling bola ang bata para may paglaruan siya anumang oras na gusto niya.
3. Sasama dahil bihirang pagkakataon lang naman ito.
4. Tanggapin kung ano ang kayang ibigay ng kanyang tatay sa kanya
5. Magkaroon ng sariling garahe ang mga may-ari ng sasakyan

**Suriin**

1. Kumpiskahin ang kanyang cellphone at ipaputol ang internet connection sa bahay.
2. Iwasan muna ang paggamit ng anumang gadget upang makapagpahinga ang mga mata.
3. Iparamdam kay Evan na kasapi siya ng pamilya at bilang kasapi kailangan niyang tumulong at makiisa sa lahat ng mga gawain sa bahay.

**Isagawa**


1. A
2. C
3. A
4. C
5. C





**Pagyamanin**

***Gawain 2***

***1.***





***2.***




***Tayahin***

***B.***

***1.***





***2.***





***Tayahin***

***B.***


***3.***




***4.***




***5.***



## *Sanggunian*

Aggarado, PJC., Francia, ML., Guerero III, PR., Cruz, G., Genaro, R., (2016). ALAB FILIPINO 5. Batayang Aklat pp. 176-181. Karagdagang Sipi 2016 ng Vibal Group Inc.

Balanon, AC., Department of Education, Division of Northern Samar

Baisa-Julian, AG., Dayag, M., (2019). Pinagyamang Pluma 5, Batayang Aklat sa Filipino, pp 317, 334-335. Ikalawang Edisyon 2019. Phoenix Publishing House Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph